EXTENSION NEWS

Official Publication of the Cooperative Development Authority-Manila Extension Office

Volume 2 Number 2 | ISSN 01184059 | April - June, 1997

April - June
1997
Vol. II No. 2

IN THIS ISSUE

Editorial . . . . . Pahina 2

P 4 M para sa kooperatiba . . . . Pahina 2

PNM-EMPC . . . . Pahina 3

34 Millionaires Cooperatives . . . . Pahina 5

Extension *NEWS* is published quarterly by the:

Cooperative Development Authority
Manila Extension Office
6th Floor, Benlor Building,
1184 Quezon Avenue, Quezon City
Telephone Numbers: 372-38-01 Loc 243/269
Fax No. 373-68-96

Kooperatiba nagtayo ng condominium

mula kay: Ermelina T. Racelis

Inumpisahan ng Kooperatiba sa Polytechnic University of the Philippines (PUP), Sta. Mesa, Manila ang pagtatayo ng isang condominium.

Sinaksihan nina Ermelina T. Raceli at Dr. Leticia Z. Gorospe, CDS II, CDA-MEO ang ginanap na "Ground Breaking Ceremony" noong ika-20 ng Mayo, 1997 sa Anonas Street, Sta. Mesa, Manila.

Sinabi ni Elenita T. Mantalaba, Taga-pangulo, PUP Credit and Housing Cooperative na isa sa mga layunin ng kanilang samahan ay magkaroon ng disente at abot-kayang halaga na pabahay para sa mga kasapi nito.

Ang condo ay magkakaroon ng iba't ibang serbisyo tulad ng laundry, daycare, water, information technology at manpower employment.

Ang PUP Credit and Housing Cooperative ay binubuo ng 987 na kasapi at saping puhunan sa halagang Anim (6) na Milyong Piso

sundan sa pahina blg. 5

Kooperatiba bumili ng isang bagong sasakyang panghimpapawid

Isang kauna-unahang local airline cooperative ang bumili ng bagong eroplano. Ito ay isang 19-seater L-410 Turbolet at may lakas na 1,500 shaft horsepower at gawa sa Czechoslovakia.

Kaalinsabay ng bagong eroplano ay ang bagong biyahe tungo sa Sandoval at Busuanga, Palawan at inumpisahan noong Mayo 23 at 29, 1997.

Mayroon nang limang (5) eroplano at ang pangalan ng mga ito ay Asian Spirit at ang kanilang opisina ay matatagpuan sa Ground Floor, LPL Legaspi St., Legaspi Village, Makati City at sa Domestic Terminal Office, Terminal 1, Manila Domestic Airport, Airport Road, Pasay City.

Ang kanilang telepono ay 840-38-11 to 14, 840-17-12 to 13, Fax No. 813-0183.

Kasalukuyang bukas ang biyahe tungo sa Baguio, Calbayog, Catarman, Catican, Cauayan, Daet, Masbate, San Jose, Tablas at Virac galing Manila.

Opisyales ng Iba't-ibang kooperatiba sinanay ng CDA-MEO

mula kay: Marvel L. Pingol

Dalawampu't walong opisyales ng kooperatiba sa Buong Kamaynilaan ang binigyan ng pagsasanay ng Cooperative Development Authority - Manila Extension Office (CDA-MEO) noong nakaraang Mayo 29, 1997 sa tanggapan ng nasabing ahensiya.

Ang layunin ng nasabing pagsasanay ay upang mabigyan ng kamulatan at karagdagang kaalaman sa kooperatibismo at ang kahalagahan ng Pamunuan ng Kooperatiba. Tinuruan ang mga opisyales ng kahalagahan ng mga talaan, ang paggawa ng patakaran at pagdaraos ng mga pagpupulong. Bahagi ng pagsasanay ang paghain ng mga opisyales ng isang munting plano

sundan sa pahina blg. 5

EDITORYAL

Simula sa buwan ng Hulyo, 1997 ang ating **EXTENSION *NEWS*** ay maglalathala ng balita sa wikang tagalog. Ang mga tinatawag na developmental feature o success stories ay sa wikang ingles.

Ito ay tugon sa mga mambabasa na gusto nila sa wikang tagalog ang ating ilalathala upang madaling maintindihan. Napakaganda ng mungkahi pero magtitiis tayo kung konti lang ang mailalagay natin dito.

Pagkat magastos po kasi kung sa wikang tagalog ang gagamitin natin na paraan sa komunikasyon. Sapagkat tingnan natin at usisain, halimbawa: sa salitang ingles; "I am a boy" isalin natin sa tagalog; Ako ay lalaki. Labing-isang titik na ang nagamit natin laban sa pitong titik. Magastos na sa tinta at ispasyo na pinagsulatan di ba? Kaya, susubukan po natin muna, na ang balita ay isulat sa tagalog. Pero magsalubong tayo, ang success stories ay isusulat natin sa wikang ingles sapagkat mahaba ang salaysay dito.

Mensahe ni Sen. Mercado sa mga nagsidalo sa NACE

Dalawang mensahe ang ibinigay ni Sen. Orlando Mercado, Chairman, Committee on Cooperatives, sa mga nagsidalo sa Pangalawang Kumbensyon ng mga Cooperative Educators na ginanap sa Institute of Social Order, Ateneo de Manila University, Quezon City noong nakaraang Hunyo 13, 1997.

Ang mga nasabing mensahe ay ang mga sumusunod:

(a) **Para sa mga nanunungkulan sa pamahalaan;**
(b) **Para sa mga delegado ng nasabing kumbensyon.**

Para sa kaalaman ng lahat, ang nasabing kumbensyon ay pinangasiwaan ng Cooperative Development Authority, Central Office at Manila Extension Office, sa pakikipag-unayan na rin ng National Association for Cooperative Education (NACE).

Ang unang mensahe ni Sen. Mercado, sinabi niya na dapat salawikain ng pamahalaan ay *"kung hindi ka makakatulong ay huwag ka nang makaabala pa"*. Sinabi niya na ang pambansang programa o patakaran ay dapat dumaan sa matapat na pagsusuri o pagtatasa kung ito ba ay makababuti o makasasama sa mamamayang Pilipino. Dagdag pa niya, ang pambansang liderato ay dapat matutuhan kung kailan dapat magising at ang mahalagang papel nito ay maisaayos ang isang kaaya-ayang kapaligiran sa kalakal at pangkabuhayan na kung saan ang pribadong sektor at kooperatiba ang dapat manguna sa tinatawag nating economic recovery. Ang pag-unlad ng ating bansa ay laging nasa mamamayan at wala sa pamahalaan.

Ang pangalawang mensahe para naman sa mga cooperative educators, sinabi niya ang mahalagang papel o gawain nito ay gumawa ng simple o payak na araling pangkooperatiba at kung paano nito maibabahagi sa ating mga mamamayan sa isang simpleng paraan upang madaling maintindihan.

P 4.0 M para sa kooperatiba

sinulat ni: Trudes Abesamis

Sa ngayon, ang Lungsod ng Pasig ay nagtalaga ng P 4.0 M para sa Pangkabuhayan Program ng mga kooperatiba. P2.0 M ang naipamahagi na ng pamahalaan ng Pasig noong nakaraang taon at P2.0 M ang siyang nakalaan para sa taong ito. Ang mga kooperatibang nakabahagi ng Pangkabuhayan Loan ay ang mga sumusunod:

Maybunga Multi-purpose Cooperative	P 300,000.00
San Sebastian Bukas Palad MTC	500,000.00
Pasig Women's MPC	100,000.00
Tancho Fumakila MPC	50,000,00
RFM Employees MPC	250,000.00

Sa mga kooperatiba na nais maka-avail ng loan program ay dapat mag-apply sa tanggapan ng Mayor at Pasig City Livelihood Office.

Dumarami ang Sumasali sa Philippine Assurance Cooperative o Philac

Halos iisang taon pa lamang ang Philippine Assurance Cooperative o Philac ngunit maraming kooperatiba sa buong bansa ang umanib na rito, Ito ang kauna-unahang kooperatiba na naitayo sa larangan ng property insurance upang matugunan ang pangangailangan ng cooperative primaries sa insurance tulad ng motor vehicle, bonds, fire insurance, at private property insurance ng mga kasapi sa kooperatiba. Mula sa dalawampu't dalawang orihinal na kasapi, may labing anim na primary cooperatives ang sumali sa Philac.

Sa loob ng sampung buwan, ang Philac ay nakapagbigay ng 150 insurance policies na may kabuuang halagang aabot sa P 611,729.00.

Ang Philac ay nakapagbigay na ng dibidendo sa halagang 172,913.00 sa mga cooperative primaries na umanib dito.

sundan sa pahina blg. 5

THE PAMANTASAN NG MAKATI EMPLOYEES MULTI-PURPOSE COOPERATIVE
NOT JUST ANOTHER SUCCESS STORY

By: Eileen I. Besana & Leonardo Acierto

ITS FOUNDATION

Founded on Jesus Christ, the Rock. This alone is sufficient reason for the phenomenal growth and success of the Pamatasan ng Makati Employees Multi-purpose Cooperative (PNM-EMPC). Indeed, there is no other quality brings forth the other positive values more spontaneously; no other characteristics fosters camaraderie and cooperation among members more voluntarily, no virtue can convert the officers and members into effective prayer warriors and partners more easily than surrender to God. The tenets of Christian brotherhood upon which the cooperative anchors all its activities and programs spell its meteoric rise and the recognition it now enjoys after barely three years of existence.

Truly, the presence of God in its midst makes the Pamantasan ng Makati Employees Multi-purpose Cooperative different from similar and equally successful self-help organizations.

ITS BEGINNING AND GROWTH

Officially registered with the Cooperative Development Authority (CDA) on November 15, 1993, the PNM-EMPC had its humble beginning just like any other similar venture. The "Coop" (as it is now fondly known) had an initial membership of only about fifteen (15%) percent of the faculty and non-teaching personnel of the school (consisting of 34 regular members and 20 associate members) and a very modest initial Paid-up Capital of P 32,600.00. Its membership and capital steadily grew, at first little by little, then geometrically when the other members of the teaching and non-teaching force developed their confidence in the noble objective of the organization as a result of the exemplary operation, as well as the observed honesty, integrity and commitment of the elected officers and members in the performance of their duties. In three short years, the Coop notched the remarkable growth of 576.47 % in membership and an even more impressive increase of 8,826.53 % in paid-up capital.

As of August 31, 1996, 230 teaching and non-teaching personnel have already registered as regular members and 38 as associate members and contributed a total paid-up capital of P 3,029,850.00.

turn to page 4

The Case of Camarin Women's Multi-purpose Cooperative

By: Mike B. Molina

Notwithstanding the improving situation of women in the country today who comprise half of the 64 million population, a large numbers of Filipino women still remained in disadvantage. The continuing economic hardship has brought more women in the labor force where 18% are estimated unemployed as compared with 12% of the unemployment rate of their counterpart. Moreover, women workers comprising 30% of the employed persons also tend to occupy lower position and earning an average of only half their counterpart. They are also exposed to health and safety hazards and often suffers maternal problems such as miscarriage, high risk pregnancies and are often unable to breast-fed their babies because of long working hours.

With the enactment of R.A. 6938 and 6939 in March, 1990, now famously known as the Cooperative Code of the Philippines, signed by the first woman President herself, Corazon C. Aquino, who vitally recognized the importance of women's participation in nation-building and in the restoration of a genuine democracy, cooperative movement in the country have paved way as a vehicle for women's empowerment.

Today, more than 60% of the total membership of some 25,000 registered cooperatives in the country are comprised of women, some of which are organized exclusively for and by themselves. Their basic motivation is to assert their equal rights in development and opened up the opportunities for their social development, economic and personal growth.

turn to page No. 5

pamantasan.....

mula sa pahina blg. 3

The operations and growth of the Cooperative received a big boost from the unqualified support of the University Administration through the Board of Regents, which granted it "exclusive control and supervision" of all business enterprises within the school premises in both the Sen. J. Puyat and Fort Bonifacio campuses whether of its own capital and management or by concessionaires.

To accommodate its continuously expanding operation, the Coop branched out into the Pamantasan ng Makati Technical High School Laboratory Cooperative. This new branch was registered with the CDA on May 31, 1995.

THE SERVICE IT RENDERS

Among the services rendered by the Pamantasan ng Makati Employees Multi-purpose Cooperative to its constituents, the most patronized are cash and merchandise loans. In its first year, it granted a total of P 986,379.00 in cash loans and P 474,510.00 in merchandise loans to 158 members. In its second year, the loans amounted to P 6,000,000.00 in cash and P 0.6 M in merchandise which were granted to 268 members. By all indications, the year 1996 appears to be a bumper year in cash loans. As of June 30, 1996, 234 members have already borrowed P 4.6 M. As of the same period, performance and merchandise loans also appears good when compared to the previous year's experience. However, since borrowing for household items and appliances usually peak during the fourth quarter, the amount granted is expected to exceed last year's record.

"Malinaw na kwentada; gabay sa matibay na pagsasama-sama"

- Nonie I. Hernandez

The other services which members may avail of are educational assistance, appliances program and rice distribution program.

DEVELOPMENT PROGRAMS

The Coop recognizes the members as its primary resources. Because of this it regularly holds activities designed to enhance their personal and spiritual well-being as well as deepen brotherhood among them.

One of the developmental thrusts being pursued by the coop is to provide enlightenment to its members through seminars and retreats. In addition to the required pre-membership seminar, the members attended the education and training seminar on November 24, 1995. They also held a Spiritual Retreat and Education Seminar on April 19-20, 1995 and another Spiritual Retreat on April 21-22, 1996 at the Caliraya Recreation Center in Laguna.

For the improvement of their capabilities in the formation of members, selected leaders attended the Trainors' Liveout Training on Cooperative Education sponsored by the CDA and PUP, Institute of Cooperatives on October 24-25, 1994; the Trainors' Training Seminar sponsored by the CDA and MCLDD on November 22-25, 1995 and the Cooperative Functional Management Seminar sponsored by the CDA on August 12, 19 and 20, 1995. The officers-in-charge of financial transactions also participated in the Seminar on Credit and Collection on November 27, 1995. The foregoing were just a few of the training seminars participated in by the officers and members of PNM-EMPC.

THE AWARD

One year after it was organized, on November 10, 1994, the PNM Coop. Was awarded the "Makati Koop Gawad Parangal" by the Makati Cooperative and Livelihood Development Division. The award is not just a recognition of the exemplary services it renders to its constituents and its geometric growth. It is also perceived as an acknowledgment of the rare breed of its members and officials whose dedicated observance of Christian Doctrines enable them to steer clear of temptations in continued to draw inspiration from the Divine Master – the wellspring of all graces – in their pursuit of excellence as they work for their common material and spiritual good. It serves as guiding star to the officers and members and a standard of group performance of the members.

More than this, the award, which other similar organizations took much longer to garner, is a clear manifestation that the Pamantasan ng Makati Employees Multi-purpose Cooperative – the Cooperative founded on the Rock, Jesus Christ – is, indeed, not just another success story. *

EXTENSION NEWS

Editorial Board
Ernesto M. Boado
Nonie I. Hernandez
Nerissa A. Lopez
Esmeraldo E. Valencia

Editor
Marvel L. Pingol

Assistant Editors
Leticia Z. Gorospe
Suzette A. Zabala
Leonardo A. Agcaoili

Managing Editors
Myrla T. Racelis
Ana A. Hora

Features Editors
Grace G. Torres
Calil G. Dimangadap

News Staff
Eileen I. Besana
Gigi M. Villanueva
Annie C. Dalmacio
Vic S. Atanacio
Jhun E. Herrero, Jr.
Pia Q. del Castillo

Camarin.....
mula sa pahina blg. 3

The case of the Camarin Women's Multi-purpose Cooperative is very typical of this portrayal yet distinct in its development. Starting with a working capital of P12,000.00 in 1995 through a continuing saving of some 15 pioneering women led by Ms. Eleonor Betiong-Rizada from Dona Helen Subdivision, a small village in Camarin, Bukid Area, Kalookan City, they are now operating a multi-lending cooperative services with an operating fund of some P 200,000.00 while competing high in the sales of Education Plan at an average monthly gross sales of P 1.5 M as the first and only Cooperative Sales Agency of the Loyola Education Systems, Inc. (LESI), an acknowledged leader in the pre-need industry.

Servicing not only the financial needs of some of their 100 regular and associate members, the Camarin Women's MPC have banked their efforts in enhancing the capabilities of women through LESI Program meaning "Learn, Earn, Save and Invest", a new cooperative framework they themselves have developed to empower women and the family.

"LESI framework involves learning and unlearning process about women in the cooperative" said CWMPC, BOD, Chairperson Eleonor Betiong-Rizada who herself have developed her skills from simple unemployed housewife to a high earning Agency Manager of Loyola within just a few months. *"Women have its own unique qualities distinct from men they are by nature cooperative and have good in negotiating or salesmanship skills".* They can also handle pressures and frustrations creatively. *"Should these talents be unleashed"* said Mrs. Rizada "by providing them equal opportunities, I believe women can contribute meaningful not only in increasing family income but also in developing their personal, family and social life."

"Our cooperatives have provided us all the opportunities and it is up to us now on how to use our skills and talents collectively, this is our common bond" she added.

From a simple lifestyle as housewives and at a very short span of time, the Camarin Women's have strategically entered into the business mainstream and managed their cooperative affairs earning individually an average of P 7,000.00 as Loyola Sales Force while investing their continuing savings to their credit services such as Providential and Productive Loan, Emergency Loan, Quick Loan, Educational Loan, Maternity Loan and Housing Amortization Loan.

They also opened their Savings and Time Deposit Accounts to non-members with competitive interest rate as part of their capital mobilization while providing death aid benefits and Loyola Education Insurance plan as benefits for their regular members.

To inculcate the LESI Cooperative values to the young and their family, the Camarin Women's have also organized and assist the Munting Bayanihan sa Camarin Laboratory Cooperatives duly registered with the CDA, composed of teenagers and children whose youngest members is 2 years old. Their aim is to promote thrift and savings among youngsters while inculcating cooperative values and business culture.

Each member of the Munting Bayanihan were provided with a passbook and plastic piggy bank where they can place their savings. On Saturdays, they deposit their savings to their mother cooperative where they a short meeting and group discussion on cooperative values are conducted. On the other hand, husbands and males are also encouraged and recruited to join the Camarin Women's Cooperative as an associate member with equal benefits but only without voting power.

While the case of the Camarin Women's MPC portrays a success on how cooperative may provide an empowering environment to the disadvantaged sector of our society, the secret lies on collective determination of people nurtured by opportunities and openness to change.

dumarami....
mula sa pahina blg. 2

Inaanyayahan ni Atty. Arturo Jimenez, Chairman, Philac, ang iba't-ibang cooperative primaries na sumali sa Philac upang lalong matugunan ang pangangailangan ng mga kasapi nito.

Kooperatiba....
mula sa pahina blg. 1

noong Disyembre 31, 1996. Ang tinubo ng bawat kasapi sa kanila share capital ay umabot sa 10% at may dibedendo na 7% noong 1996. Bukod sa share capital deposit, mayroon pa itong mahigit na Dalawang (2) Milyong Saving Deposit mula sa mga kasapi.

Umabot sa mahigit sa isang (1) milyong piso ang naitulong ng kanilang kooperatiba sa mga karatig na kooperatiba upang mapaunlad ang kanilang katayuan.

Dagdag pa ni Mantalaba na kinakailangan ang maraming serbisyong maibigay para sa kanilang mga kasapi upang lalong magkaroon ng saganang pamumuhay at pagbabago ang kanilang kooperatiba. *

opisyales...
mula sa pahina blg. 1

at pagsasagawa nito sa pagbalik nila sa kanilang mga samahan. Sa loob ng tatlong buwan, bibisitahin ng CDA-MEO ang mga kooperatibang ito upang siyasatin ang nangyari sa kanilang plano.

34 na Kooperatiba naidagdag sa hanay ng NCR Millionaires Cooperatives

Ayon sa talaan ng Cooperative Development Authority - Manila Extension Office, may 34 na milyunaryong koperatiba ang naidagdag naman sa hanay ng mga NCR Millionares Cooperative, na may bilang na 236 na kooperatiba at may kabuuang saping puhunan na P1.58 billion.

Sa Metro Manila, ang kooperatibang may pinakamataas na bilang ng millionares' cooperative ay ang Makati City at may saping puhunan na P 495,327,201.00. Kasunod ang Manila na may P 273,672,663.00 at ang bayan ng Paranaque na may P 131,968,763.00.

2nd National Convention ng NACE, gagawin sa Ateneo

Nagpatawag ng Pangalawang Kumbensyon kaugnay sa edukasyong pangkooperatiba si Dr. Teresita M. Coloma, CDA Administrator. Ang nasabing kumbensyon ay sa gaganapin sa Institute of Social Order, Ateneo de Manila University sa Quezon City sa darating na Hunyo 13-14, 1997.

Ang layunin ng nasabing kumbensyon ay upang suriin ang iba't-ibang kalakarang pang-edukasyon, mga karanasan, isyu at mga paghamon sa mga cooperative program educators sa buong bansa. Ang nasabing pagtitipon ay dadaluhan ng mga representante mula sa NGO, Cooperative Union, mga piling kooperatiba at mga tanyag na cooperative educators. Ang inaasahang produkto ng kumbensyon ay ang makapagbalangkas ng plano, pagsasagawa ng aralin at gabay pang-edukasyon at mangalap ng kasapi sa National Association for Cooperative Education (NACE).

Kabuhayan 2000 para sa Kooperatiba

Dalawang araw na idinaos ang isang pagpaplano at workshop ng programa sa Kabuhayan 2000 o pagbabalik ng pinoy program noong ika-10 ng Mayo, 1997 sa City of Spring, Los Banos, Laguna. Ito ay naglalayom na pag-isahin ang mga iba't-ibang programa at serbisyu para sa mga bumabalik na manggagawa buhat sa ibang bansa na maisama ang kanilang pangkabuhayan sa daloy ng pambansang ekonomiya.

Mayroong labing-isang pambansang sangay ng pamahalaan ang lumagda sa isang kasunduan upang pag-anibin ang kanilang puwersa para sa kapakanan ng manggagawang Pilipino o Overseas Contract Workers (OCWs). Ang papel ng Cooperative Development Authority ay tulungan ang mga OCWs sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng kanilang mga kooperatiba. Ayon kay Bb. Merla Ferreras ng CDA isa sa mga programa ng kabuhayan 2000 ay ang pagtatatag ng livelihood loans sa ilalim ng LBP-EPPA o LBP Easy pondong pang-asenso for Overseas Workers. Ang DBP naman ay nagbukas ng tinatawag nilang omnibus livelihood loan program for OCWs at ang PNB ay mayroon ding OCWs Livelihood Loans Program o tulong para sa pangkabuhayan ng mga bumabalik na manggagawang pilipino buhat sa ibang bansa. Ang OWWA-Land Bank Livelihood Loan Program ay nakapagpapaluwal ng mga loans na umabot na sa P26 Milyong noong taong 1996.

Pederasyong ng Kooperatiba ng mga Guro Itinayo sa Metro Manila

Pinamumunuan ni Emily Moro ng Manila Publis School Teachers Multi-Purpose Cooperative ang pagtatag ng isang pederasyon ng mga kooperatiba ng mga guro sa Metro Manila.

Noong Mayo 14, 1997 sa Polytechnic University of the Philippines, Sta. Mesa, Manila nagkaisa ang may forty-two (42) primaries cooperative na magtayo ng pederasyon. Ito ay may layuning palakasin ang kampanya ni Ricardo T. Gloria, Kalihim, Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isport (DECS) na ibigay ang pangangasiwa ng mga kantina sa mababa at mataas na paaralang publiko sa mga kooperatiba ng mga guro.

Kamakailan lamang ay binanggit ni Kalihim Gloria ng DECS sa radio DZRB na ang mga Teachers' Cooperative ang siyang aalalay sa pangkabuhayan ng mga guro.

Sa ngayon, handa na ang pederasyon na tulungan ang mga Public Elementary and High School Teachers Club Presidents sa buong kamaynilaan na magbuo ng kani-kanilang lokal na kooperatiba at mai-rehistro ito sa CDA-MEO.

Ang kanilang opisina ay matatagpuan sa Manila High School.

YECS Idinaos noong Hunyo

mula kay: Pia Q. Del Castillo

Upang maipamulat sa ating mga mamamayan at mga kabataang mag-aaral na hindi lamang sa pamamagitan ng pagiging empleyado sila uunlad kundi maging ang pagtatayo nila ng sariling kalakal o pagiging negosyante ang siyang pinagkakaabalahan ng tanggapan ni Cong. Anamarie Periquet, Cooperative Development Authority, Department of Education, Culture and Sports, Deprtment of Trade and Industry at PCCI sa darating na buwan ng Hunyo idaraos na ang Youth Entreprenuership Cooperative in Schools (YECS).

Ang programang ito ay naglalayon na mapaunlad at magkaroon ng kalinangan sa negosyo at kooperatibismo ang ating mga kabataang mag-aaral sa mataas na paaralan. Ang unang bibigyan ng pagsasanay ay ang mga guro na nakatalaga sa mga pilot areas sa buong bansa. Sa Kalakhang Maynila, ang nasabing pagsasanay ay gaganapin sa Pollock Center, Ateneo de Manila University, Quezon City sa ika-21 hanggang ika-25 ng Hunyo, 1997.*

CDA-Region III, No. 1 sa dami ng Kooperatiba sa buong bansa

Nagpalabas si Jose C. Medina, Jr., Chairman, Board of Administrators ng Cooperative Development Authority ng isang ulat ng ranking by region on registered cooperatives in the country. Ayon sa isang memorandum na ipinalabas noong ika-22 ng Mayo, 1997, ang CDA-Region III ang nangunguna sa dami na 4,850 registered cooperatives sa buong bansa. Pangalawa naman ang Region IV sa dami na 4,755 at pangatlo ang Region XI na may bilang na 4,078. Ang kabuuang dami ng mga kooperatibang narehistro at naitala sa CDA-Central Office sa buong Pilipinas ay umabot sa bilang na 42,215.*

Pangarap madaling maabot; Kooperatiba siyang maydulot

Ang Kalakhang Maynila ay bato-balani sa mga taong nagnanais ng malaking pagkakakitaan. Subalit ang manirahan dito ay puno ng iba't-ibang paghamon. Isang hamon ay kung paano pagkakasyahin ang sahod o kita sa pag-araw-araw na pangangailangan. Ngunit sa mga taga-Lower Tawi-tawi Pangarap Village, Tala, Kalookan City, ito ay hindi naging hadlang sa kanilang pamumuhay.

Sa tulong ng mga Carmelite Sisters, 30 katao ang bumuo ng kooperatiba noong 1992. Ito ay ang Bakas Development Cooperative. Pangunahing kalakal nila ay ang pagpapahiram ng karagdagang puhunan sa negosyo at ang paggawa ng mga "stuffed toys" na ibinibenta sa ibang bansa.

Sa ngayon, mayroon na silang 269 na kasapi at may saping puhunan na umaabot sa kalahating milyong piso.

Ang kasapi dito ay tumanggap ng 27% patubo sa saping puhunan at 13% na dibidendo nitong nakaraang taon. Ang kooperatibang ito ay mayroong 50 empleyado.

Dating debuhista, grabador at manggagawa ng alahas; Nagmamay-ari na nga pagawaan ng mamahaling alahas.

Ang pagawaan ng alahas sa ating bansa ay matagal ng panahon nasa kamay ng mga dambuhalang kapitalista.

Ang kinikita ng mga ito ay laan lamang para sa kanilang pansariling kapakanan at interes.

Sa ganitong kalagayan libu-libong manggagawa tulad ng mga debuhista, grabador, platero, mananara at modelista ng wax ay umunti na. Karamihan sa ating mga kababayan ay pumunta na sa ibang bansa upang ipagpalit ang ating talino, lakas at teknolohiya sa mga dayuhan.

Subalit hindi ito ang nangyari sa mga karaniwang mga manggagawa ng alahas sa bayan ng Taguig, Metro Manila. Sila ay nagkaisa upang pagsamahin ang kanilang talino, lakas at teknolohiya sa paggawa ng mga alahas. Itinayo nila ang Taguig Jewelry Producers Cooperative doon sa No. 3, V. P. Cruz Street, Purok Lower Bicutan, Taguig, Metro Manila noong Hulyo 1994 at sa kasalukuyan nagsusumikap upang maitaas ang antas ng kanilang pamumuhay.

Bagama't iisang taon pa lamang silang nakapagsisimula, nababanaag na nila ang silahis ng tagumpay. *

MEDIA ADVISORY

PARA: COOPERATIVE CHAIRMAN
METRO MANILA

MULA SA: Cooperative Development Authority
Manila Extension Office

PAKSA: Mediation - Conciliation Forum

Inaanyayahan ang lahat ng mga Taga-pangulo ng mga kooperatiba sa isang Regional Forum na gaganapin sa Polytechnic University of the Philippines (PUP), Sta. Mesa, Manila sa Hunyo 10, 1997, 1 - 5 ng hapon.

Ang ating paksa ay ang pagtatatag ng grievance committee sa mga primary cooperatives.

Kooperatiba Nagbabalak Magtayo ng Malawakang Sistema sa Pangkalusugan

ni: Leticia Z. Gorospe

Noong ika-7 ng Mayo, 1997, ginanap ang pagpupulong ng walong (8) manggagamot o medical specialists at sampung (10) community citizens upang talakayin ang suliraning pangkalusugan ng mga mamamayan. Ito ay idinaos sa Room 300-A, dela Merced Bldg., West Avenue, Quezon City.

Napagkaisahan ng grupong ito na magtayo ng malawakang sistemang pangkalusugan upang mapangalagaan at mapaglingkuran ang mga Pilipino sa maayos at abot-kayang halaga sa larangan ng kalusugan.

Ayon kay Dr. Eusebio C. Paglinawan, maraming mga benepisyo ang maaring ibigay sa mga kasapi tulad ng wala nang deposito sa pagpasok sa pagamutan, dagli at magalang na panglilingkod, pagtanggap ng patubo sa kapital at dibidendo. At higit sa lahat, ay sariling katahimikan at katatagan para sa pamilya ng mga kasapi. Magtatayo rin sila ng mga satellite clinics at mga laboratoryo sa mga cooperative pharmacies upang matugunan ang lalong mas mabilis na serbisyo sa mga magiging kasapi nito.

Inilunsad ng grupong ito ang kanilang programa noong ika-7 ng Hulyo, 1997.*

DECS Order No. 55, nilinaw ni George Garma

by: Marvel L. Pingol

Ayon kay George Garma, Chief, Employees Welfare and Benefits Division ng Department of Education, Culture and Sports (DECS) patuloy at puspusan ang kanilang kampanya sa pagtatayo ng mga kooperatiba sa mababa at mataas na paaralang pampubliko.

Binanggit niya sa isang Teacher's Forum na ginanap sa Makati Session Hall noong Mayo 29, 1997 na ang pangunahing programa ng DECS ay paunlarin ang kalidad ng edukasyon at ibalik ang dignidad ng mga guro sa pamamagitan ng Housing Program at pagtatatag ng kooperatiba. Binigyang diin ni Garma na ang kontento ng mga guro, tiyak na makakabahagi ito ng mas mataas na antas ng pagtuturo sa ating mga mag-aaral.

Patungkol naman sa mga pangangasiwa ng kanilang mga cooperative school canteen, sinabi ni Garma na sa canteen operation lamang makikibahagi ang paaralan upang matustusan ang maintenance ng paaralan at lalong gumanda ang facilities nito. *[Broadcasted over DZRB, 738 khz last June 9, 1997]*

CDA-MEO Nagbigay ng Libreng Pagsasanay sa mga Opisyales ng Kooperatiba sa Kalakhang Maynila

Ang CDA-MEO ay magbibigay ng libreng pagsasanay sa mga iba't-ibang namumuno ng kooperatiba sa kalakhang Maynila. Ang layunin nito ay magkaroon ng kamulatan, karagdagan at kailangan pang kaalaman na pangkooperatiba.

Ayon kay Ernesto Boado, Director, CDA-MEO, ito ay ayon sa ika-limang simulain ng kooperatiba na kung saan, ang patuloy na pag-aaral at pagsasanay ng mga kasapi at opisyales nito ang susi ng tagumpay sa kooperatiba. Ayon sa kanya, ang mga kooperatiba na wala pa sa dalawang taong pinangangasiwaan ay bibigyan ng pangunahing pansin at imbitasyon sa pagsasanay. Noong Mayo 29, 1997 at Hunyo 5 at 11, 1997, ginanap ito mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon sa CDA Conference Room. Ang South Sector ng Kalakhang Maynila tulad ng Makati, Pasay, Parañaque, Muntinlupa at Las Piñas ang unang naimbitahan sa pagsasanay na ito. Inaasahan na sa pamamagitan ng pagsasanay na ito, ang mga iba't-ibang nilalayon ng mga samahang kooperatiba ay makakamit sa lalong madaling panahon.*

UPEHCO Pansamantalang itinigil ang pagdagdag ng Housing Project

Sinabi kamakailan ni Ramoncito dela Rama, General Manager, UP Employees Housing Cooperative (UPEHCO) ang pansamantalang tigil sa pagdadagdag ng proyekto sa pabahay. Ayon sa kanya, masyado nang lumalaki ang nakaatang na responsibilidad ang kanilang kooperatiba para sa pabahay na kanilang mga kasapi at ayaw nilang magkamali sa hakbang sa pangangasiwa nito.

Ang UPEHCO ay binubuo ng 2000 kasapi at may saping puhunan na umaabot sa kalahating milyong piso. Ang sukat ng lote sa pabahay ay mula 50-400 kwadradong parisukat at may buwanang hulog na 1,200 piso lamang. Sa kasalukuyan, dalawa ang proyektong pabahay ng UPEHCO na matatagpuan sa Brgy. San Luis, Antipolo, Rizal at bumibilang na 322 housing units at sa Brgy. Salawag, Dasmarinas, Cavite, na may 636 housing units. *

MEDIA ADVISORY

PARA: **Cooperatives' Officers, Metro Manila**

MULA SA: **Cooperative Development Authority**
Manila Extension Office

PAKSA: **Pagpaparehistro ng Cooperative**

Para sa lahat ng nagpaparehistro ng kanilang kooperatiba sa Metro Manila, mangyari po lamang na opisyales o Board of Directors ang siyang magdala, magsumite o mag-follow-up ng kanilang papeles upang maiwasan ang pagkabalam o pagkawala ng kanilang papeles. Dito sa Quezon City, sa mga magpaparehistro, inaatasan na opisyales lamang ang siyang mag-asikaso sa kanilang dokumento at hindi ibang tao o walang kinalaman sa inyong kooperatiba. Sa isang punto, kung opisyales mismo ang magdadala at magpa-follow-up ay madaling ma-process ang inyong papeles at lubos pong magkakaroon ng dagling unawaan.

Republic of the Philippines
Office of the President
Cooperative Development Authority
MANILA EXTENSION OFFICE
6th Floor, Benlor Building, 1184 Quezon Avenue,
Quezon City